


# MGA SUROT

## (dokumentong nagbibigay ng impormasyon tungkol sa isang bagay o produkto)



## Ano ang mga Surot?

Ang mga surot ay maliit, mga kulay-kapeng insekto na kasinglaki ng isang buto ng mansanas kapag nasa gulang na, na kumakain sa dugo ng tao. Pagkatapos kumain, sila ay namamaga sa laki at maaaring maging matingkad o madilim na pula. Ang mga surot ay walang pakpak at hindi maaaring lumipad o tumalon. Sila ay kadalasang matatagpuan sa mga lugar na malapit sa tinutulugan ng mga tao.



**AKTWAL NA LAKI**
(HINDI PINAKAING NASA GULANG)

## Paano Nakakaapekto Ang Mga Surot Sa Aking Kalusugan?

Walang ebidensya na ang mga surot ay nagkakalat ng mga sakit sa mga tao. Mayroong malawak na hanay ng mga reaksiyon sa mga kagat ng surot, mula sa walang reaksiyon hanggang sa mga makating pulang paga. Kung ang isang surot ay naistorbo habang kumakain, ang mga ito ay maaaring mangagat nang mahigit sa isang beses sa parehong karaniwang lugar na nagdudulot ng mga marka ng kagat na malapit sa isa't-isa. Ang mga kagat ay hindi masakit nguni't maaaring maging makati pagkatapos ng isa o dalawang araw. Ang pagkamot sa mga kagat ay maaaring magdulot ng impeksiyon. Ang karamihan sa mga tao ay nagiging balisa at namimihagti kapag nalantad sa mga surot.

## Ano ang Siklo ng Buhay ng mga Surot?

Mayroong tatlong mga yugto sa buhay ng isang surot: mga itlog, mga nymph (o mga bata pa) at mga nasa gulang na. Ang mga itlog ay mayroong patong na tumutulong sa kanilang dumikit sa mga bagay at ang mga ito ay kadalasang napipisa sa loob ng anim hanggang 17 araw. Ang mga napisang nymph ay kaagad na nagsisimulang kumain. Ang mga nasa gulang na surot ay maaaring mabuhay ng mahigit sa 12 buwan, depende sa lokasyon o mga kondisyon ng kapaligiran, dahil sila ay maaaring maging hindi aktibo kapag walang host na makakainan.

## Paano Nananatiling Buhay Ang Mga Surot?

Ang mga nasa gulang na surot ay karaniwang kumakain sa dugo ng tao na kanilang ginagamit para gumawa ng mga itlog. Kailangan ng mga nymph ang dugo para lumaki bilang isang nasa gulang na mga surot. Ang mga surot ay karaniwang kumakain sa loob ng tatlo hanggang 15 minuto, depende sa yugto. Pagkatapos kumain, ang mga surot ay bumabalik sa kanilang mga taguan na kadalasang malapit sa tinutulugan ng mga tao.

## Paano ko malalaman kung mayroon akong mga surot?

**Ang mga potensyal na senyales ng mga surot ay kinabibilangan ng:**

- Mga hindi maipaliwanag na marka ng kagat o mga pulang paga sa iyong balat.
- Itim o madilim na pulang mga batik sa kumot ng kama, mga kutson o mga kuwerdas ng upuan o kama.
- Mga iniwanang balat mula sa mga nymph (mga bata pang surot).
- Buhay o patay na mga surot.

Kung mayroong napakaraming mga surot, ang isang amoy-amag o matamis na amoy, tulad ng unsoy, ay maaaring naroroon.

## Paano Nakakarating Ang Mga Surot Sa Aking Tahanan?

Ang pagkakaroon ng mga surot ay hindi nangangahulugang hindi malinis ang iyong tahanan at maayos na napapanatili. Ang mga surot ay maaaring maglakbay sa mga bagay tulad ng bagahe at muwebles o mga kalakal sa sambahayan na inililipat mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar. Ang mga pinaka-karaniwan ay ang mga kutson, mga kuwerdas ng upuan o kama, mga kalakal sa sambahayan, mga elektroniko, mga libro o mga larawan.

## Paano Ko Maiiwasang Pumasok Ang Mga Surot Sa Aking Tahanan?

Ang pinakamahusay na paraan sa pakikitungo sa mga surot ay ang pag-iwas sa pagdala ng mga ito patungo sa iyong tahanan.


- Siyasating mabuti ang mga kalakal para sa mga surot at mga itlog ng surot.
- Kapag naglalakbay, gumawa ng detalyadong inspeksyon ng iyong kuwarto, lalo na ang kutson, kuwerdas ng upuan o kama at ang ulunan ng kama. Maghanap ng mga buhay na surot, mga itlog ng surot, at maitim na batik o parang pamintang materyal.
- Ilagay ang iyong bagahe sa isang lalagyan ng bagahe na malayo sa kama, sa loob ng banyera o sa loob ng supot.

Winnipeg Regional Health Authority
Caring for Health
Office régional de la santé de Winnipeg
À l'écoute de notre santé
Manitoba



# MGA SUROT

## (dokumentong nagbibigay ng impormasyon tungkol sa isang bagay o produkto)



### Paano ko matatanggal ang mga surot?

*Ang pagtanggal sa mga surot ay maaaring mahirap para sa isang may-ari ng bahay. Kung sa palagay mong mayroon kang mga surot, maglagay ng teyp na mayroong magkabilaang dikit sa paligid ng mga paanan ng kama o sa sahig na nakapaligid sa kama. Kung mayroong mga nakitang surot:*

- I-vacuum o linisin ang mga sahig, mga bitak, mga siwang, mga tabla na nasa pagitan ng sahig at dingding at mga alpombra gamit ang singaw.
- Ilagay ang damit at kumot sa isang katamtaman hanggang sa mainit na dryer sa loob ng hindi bababa sa 15 hanggang 20 minuto. Sarhang mabuti ang mga malinis na bagay sa isang supot hanggang makumpleto ang paggagamot.
- Maglagay ng mga takip na pangkontra sa surot sa ibabaw ng mga kutson at huwag alisin ang mga ito.
- Gumamit ng mga kemikal na spray, mga alikabok o pulbos mula sa mga tindahan na rehistrado para gamitin sa surot. Basahin ang etiketa at sundin ang mga instruksiyon nang maingat. Ang mas maraming produkto ay hindi mas makakabuti.
- Tumawag ng isang tagapaglipol. Marami na ngayong gumagamit ng paggagamot na mayroong init na may kombinasyong paggagamot na mayroong kemikal. Malalaman ng isang propesyonal kung paano gamitin ang iba't-ibang mga produkto at mga paraang magagamit para makakuha ng pinakamahusay na mga resulta.

### Kapag nakauwi ka na sa tahanan, kung maaari:

- I-vacuum ang iyong bagahe at ilagay ang bag ng vacuum sa isang supot ng basura, sarhan ito ng mabuti at ilagay sa labas para sa pick up (paghakot ng basura).
- Labhan ang lahat ng iyong maruming mga damit sa mainit na tubig at patuyuin sa isang mainit na dryer.
- Ilagay ang lahat ng iyong malinis na mga damit sa isang mainit na dryer. Ang normal na kargada ng dryer ay tumatakbo ng hindi bababa sa 15 hanggang 20 minuto sa katamtaman hanggang sa mataas na init na dapat pumatay sa lahat ng yugto ng mga surot.
- Ang nagyeyelo ay maaaring makapagpabagal sa mga surot, nguni't hindi ito ang epektibong paraan para patayin ang mga itlog ng surot.

### Sino ang Responsable para sa Pagkontrol sa Surot?

Kung may-ari ka ng iyong tahanan, ikaw ay responsable para tanggalin ang mga surot. Kung ikaw ay nangungupahan, ang may-ari dapat ang bahala sa pamumugad ng mga surot. Para matanggal ang mga surot, kailangang magkasamang magtrabaho ang may-ari at ang nangungupahan. Makikipag-areglo ang may-ari sa isang tagapaglipol at sasabihin sa nangungupahan kung kailan darating ang tagapaglipol at kung paano ihahanda ang inuupahang unit para sa pagpuksa. Napakahalagang sundin ng mga nangungupahan ang mga instruksiyon ng may-ari kung paano ihahanda ang kanilang unit bago at pagkatapos ng paggagamot. Dapat pahintulutang pumasok ng mga nangungupahan ang tagapaglipol para makumpleto ang pagpuksa.

*Para sa mga instruksiyon kung paano ihahanda ang iyong apartamento, tingnan ang website ng Gobyerno ng Manitoba na nasa ibaba para sa detalyadong impormasyon.*

### Mga Link:

PANGREHIYONG AWTORIDAD SA KALUSUGAN NG WINNIPEG:
**www.wrha.mb.ca/healthinfo/a-z/files/BedBugs.pdf**

SIYUDAD NG WINNIPEG:
**www.winnipeg.ca/publicworks/bugline/insect_information/bedbugs.stm**

PAMAHALAAN NG MANITOBA:
**www.manitoba.ca/bedbugs**